**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*****************************************************************************************************

# WIKANG FILIPINO: WIKA NG PAG-ASA

**ni: MAYFLOR T. ZIPAGAN**

Sa mundong ating ginagalawan
Mayroon tayong wikang namulatan
Ginagamit natin sa iba't ibang paraan
Upang tayo'y magkaunawaan

May kalayaang magpahayag ng ninanais
Hangarin sa bansang Pilipinas ay malinis
Magkaroon ng boses at hindi magtitiis
Sa kasakiman at katiwaliang lumalabis

Wika natin ay mabisang tulay na nag-uugnay
Tungo sa mithiin na may pundasyong matibay
Mga pangarap natin sa buhay na abot-kamay
Ito'y nagsisilbing tanglaw na siyang gumagabay

Mapagyaman ang ating pagkakakilanlan
Simula pa sa ating mga ninuno't angkan
Pagpapahalaga sa kultura'y walang hanggan
Ipagmalaki't isabuhay magpakailan pa man

*****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Magsilbing huwaran sa mundong ginagalawan
Kahit hustisya'y kung minsan ay 'di nakakamtan
Ito'y mapait na katotohanan na pilit nilalabanan
Para sa ating mga kapwa at mga nasa laylayan

Bansang Pilipinas ay malaya at may wikang atin
Walang sinoman ang dapat magpa alipin
May karapatan at tinig ka na dapat dinggin
Ipagsigawan ito nang buong damdamin

Adhikain sa kapwa ay makakamtan natin
Magkaroon ng malasakit at mabuting layunin
Sa tulong ng Poong Maykapal at panalangin
Susi ang wikang Filipino na tayo'y hubugin

Dahil ang wika mo at wika ko ay iisa
Nararapat lamang na tayo'y magkaisa
Ang mga puso natin na laging umaasa
Pinoy nga naman ay punong-puno ng pag-asa!

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza